Tungkol sa Tuberculosis (TB)

Ano ang tuberculosis?

Ang tuberculosis ay isang impeksyon na karaniwang nakakaapekto sa baga. Ang Tuberculosis ay maaaring maging isang malalang problema kung ikaw ay nahawa. Minsan ay tinatawag itong "TB."

Paano kumakalat ang TB?

Maaari mong makuha ang TB mula sa sinumang may sakit na TB. Ang mikrobyo na nagdudulot ng TB ay maaaring maglakbay sa hangin sa tuwing umuubo o bumabahin ang isang tao. Kung malanghap mo ang mikrobyo, maaari kang mahawa.

Ano ang mangyayari kapag ako ay nahawa ng TB?

Kung ikaw ay nahawa ng TB, maaaring hindi ka kaagad magkakasakit.

- Maaaring labanan ng immune system ng iyong katawan ang mga mikrobyo na nagdudulot ng TB at ikaw ay hindi magkakasakit

O

- Maaaring hindi lubusang malabanan ng immune system ng iyong katawan ang mga mikrobyo. Ito ay tinatawag na "latent TB." Ang mga mikrobyo ng TB ay mananatili sa iyong katawan ngunit hindi ka kaagad magkakasakit. Maaari kang magkasakit sa ibang panahon kung hindi ka iinom ng medikasyon. Kung ikaw ay nagkasakit sa ibang panahon, at nagkaroon ng mga sintomas, iyan ay tinatawag na sakit na TB.

Ano ang mga sintomas ng sakit na TB?

Maaaring kabilang sa mga sintomas ng sakit na TB ang:

- Ubo na tumatagal ng 3 o higit pang linggo
- Lagnat
- Pagpapawis sa gabi
- Pagbabawas ng timbang nang hindi inaasahan

Kailangan ko bang makipagkita sa doktor o nurse?

Makipagkita sa iyong doktor o nurse kung:

- Ikaw ay lumapit sa sinumang may sakit na TB
- Ikaw ay may ubo na tumagal ng 3 o 4 na linggo at tila hindi gumagaling
- Ikaw ay may iba pang sintomas ng TB, katulad ng lagnat, pagpapawis sa gabi, at hindi inaasahang pagbabawas ng timbang

May pagsusuri ba para sa TB?

Oo. May dalawang pagsusuri para sa TB, pagsusuri sa balat at pagsusuri sa dugo:

- Pagsusuri sa balat: liniksyunan ka ng isang doktor o nurse sa iyong braso. Matapos ang 2 o 3 araw, titingnan ng iyong doktor o nurse kung may bukol, at kung gaano kalaki ang bukol. Isang doktor o nurse lamang ang makapagsasabi kung ang pagsusuri sa TB ay positibo o negatibo.
- Pagsusuri sa dugo: Kukuha ng sample ng dugo ang isang doktor o nurse upang suriin para sa TB. Ang pagsusuri sa dugo ang mas pinipiling paraan ng pagsusuri para sa mga taong higit sa dalawang taon ang edad at sa mga ipinanganak sa labas ng Estados Unidos.

Ang iyong doktor o nurse ang magpapasya kung anong pagsusuri ang pinakamabuti para sa iyo.

Paano kung positibo ang aking pagsusuri sa TB?

Kung positibo ang iyong pagsusuri sa TB, nangangahulugan ito na ikaw ay may mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan. Malamang na kakailanganin mo ng gamutan upang pigilan ang mga mikrobyo na magdulot ng sakit sa iyo at sa mga mahal mo sa buhay. Maaaring payuhan ka rin ng iyong doktor na magpa-chest x-ray.

Paano ginagamot ang TB?

Ang mabuting balita, ang TB ay nagagamot. Ang iyong doktor ang magpapasya sa mga pinakamabuting opsyon ng gamutan para sa iyo at ipapaliwanag kung paano gagawin ang gamutan:

- Ang mga taong may latent TB ay umiinom ng 1-2 gamot nang hindi bababa sa 3 buwan, minsan mas matagal upang hindi sila magkasakit
- Ang mga taong may sakit na TB ay dapat araw-araw na uminom ng 3-4 na iba't ibang gamot nang hindi bababa sa 4-6 na buwan.

Kung ikaw ay binigyan ng gamot upang gamutin ang latent TB o sakit na TB, mahalaga na inumin mo itong lahat. Kung hindi mo iinumin ang lahat ng gamot mo, maaaring lumala ang iyong sakit o hindi na magiging epektibo ang gamot. Kung mawala ang epekto ng gamot, magiging mas mahirap gamutin ang TB.

Mayroon bang anumang mga side effect?

Oo. Ang mga gamot na ginagamit upang gamutin ang TB ay maaaring magdulot ng mga problema sa atay. Habang iniinom mo ang mga gamot na ito, hindi ka maaaring uminom ng alak o gamot katulad ng *Tylenol.* Sabihin sa iyong doktor o nurse kung ikaw ay may mga senyales ng problema sa atay. Kabilang sa mga ito ang:

- Sobrang pagod na pakiramdam
- Pagduduwal o pagsusuka
- Walang ganang kumain
- Maitim ang kulay ng ihi
- Jaundice, kapag ang balat o puting bahagi ng mga mata ay nagiging dilaw
- Pananakit ng tiyan
- Pangangati ng balat